

**SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT**  
**Pang-aabusong Sekswal ng Mag-aaral at Walang Diskriminasyon (Ika-9 hanggang 12 na Baitang)**

**ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON NG MAG-AARAL**

Ang San Diego Unified District ay nakatuon sa pantay-pantay na oportunidad sa lahat ng indibidwal para sa edukasyon. Ang mga programa at aktibidad ng distrito ay dapat malaya sa diskriminasyon, pananakit, pananakot, at pangbu-bully sa pamamagitan ng mga sumusunod na tunay o pakakakilanlan sa katangian: edad, ninuno, kulay ng balat, pangkaisipan o pisikal na kapansanan, etnisidad, pagkakilanlan ng pangkat ng etniko, kasarian, ekspresyon ng kasarian, pagkakilanlan ng kasarian, impormasyon genetiko, katayuang pang-imigrasyon, katayuan ng kasal o magulang, nasyonalidad, bansang pinagmulan, tunay o pagkakilanlan sa kasarian, sekswal na oryentasyon, lahi, relihiyon, o batay sa kaugnayan ng isang tao sa kapwa o grupong may isa o higit pa sa mga tunay o pinaghihinalaang katangian.

**PATAKARAN SA SEKSWAL NA PANG-AABUSO SA MAG-AARAL**

Ang San Diego Unified ay nakatuon na gawing ligtas ang paaralan sa pang-aabuso o diskriminasyon. Ang sekswal na pang-aabuso ay isang anyo ng diskriminasyon sa kasarian sa ilalim ng Titulo IX ng Education Amendment of the Civil Rights Act of 1972 at ipinagbabawal ng parehong batas ng pederal at ng estado.

Ipinagbabawal ng distrito ang sekswal na pangaabuso sa mga mag-aaral sa kapwa mag-aaral, empleyado o iba pang tao, sa paaralan o sa mga aktibidad na inisponsor ng paaralan o may kinalaman sa paaralan.

Ang **Sekswal na Pang-aabuso** ay binigyang-kahulugan batay sa Patakarang Edukasyon bilang **hindi pinapayagan** ang sekswal na pang-aakit; hiling na mga sekswal na pabor; o pasalita, pag-papakiata, o pisikal na pag-uugali na likas na ginawa ng isang taong mula o nasa kapaligirang pang-edukasyon. Ang mga mag-aaral edad na 18 pababa ay hindi maaring payagan na sumali sa sekswal na aktibidad.

Ipinagbabawal ng distrito ang pag-aasal na may layunin o epekto ng pagkakaroon ng negatibong epekto sa trabaho o pang-akademikong pagganap ng indibidwal, o kaya ay malala, paulit-ulit, at laganap upang lumikha ng nakakapanakot, masama, o nakakagalit sa kapaligirang ng paaralan.

Ipinagbabawal din ng distrito ang sekswal na panghahas na kumukondisyon sa katayuan, pag-unlad, mga kapakinabangan, mga serbisyo, mga karangalan, programa o mga aktibidad ng mag-aaral batay sa pagsunod sa naturang pag-aasal.

**PAG-UULAT TUNGKOL SA SEKSWAL NA PANG-AABUSO**

Ang lahat ng mag-aaral na pakiramdam nila ay sila ay, sekswal na pang-aabuso ng kapwa mag-aaral, empleyado ng paaralan, o hindi empleyado na nasa paaralan o kaganapan na tungkol sa paaralan, ay agarang i-ulat sa kaniyang guro, tagapangasiwa ng paaralan, o iba pang empleyado ng distrito. Kahit sinong empleyado na nakatanggap ng ganoong klase na balita ay **KAILANGAN** agarang i-ulat sa tagapangasiwa ng paaralan o sa Titulo IX Coordinator para sa tamang oras ng paghawak sa kaso.

Mga nagrereklamo at tagatugon ay may karapatan mag labas ng ebidensya na kaugnay sa alegasyon. Mga kailangan tulong ay ipatutupad at magkakaroon ng imbistagasyon ukol sa alegasyon bago ipatupad ang aksyong pandisiplina. Ang nagrereklamo ay maaaring ituloy ito sa korte sibil. Maaaring mag-sampa ng pormal na reklamo tungkol sa sekswal na pang-aabuso sa opisina ng Titulo IX. Bilang karagdagan, ipinagbabawal ng distrito ang pagganti sa kahit sino mang nagrereklamo, tumetestigo, tumutulong o nakilahok sa proseso ng distrito.

Ang mga mag-aaral at mga magulang o tagapagalaga ay maaaring makipag-ugnayan sa opisina ng Titulo IX para sa karagdagang impormasyon ukol sa pag-uulat ng sekswal na pang-aabuso at/o pag-sampa ng pormal na Sekswal na Pang-aabuso na reklamo:

Lynn A. Ryan, Title IX Coordinator  
Eugene Brucker Education Center  
4100 Normal St., Room 2129, San Diego, CA 92103  
619-725-7225 [lryan@sandi.net](mailto:lryan@sandi.net)

**HINDI KAYO MAPAPAHAMAK SA PAGESABI NG KATOTOHANAN SA NAKAKATANDA!**